

ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN! ALAMANG COVID-19 NG CALIFORNIA BATAS BILANG TULONG SA ANGUNGUPAHAN (TENANT RELIEF ACT) NG 2020

LEGAL SERVICES
of
NORTHERN CALIFORNIA
WWW.LSNC.NET



HINDI KO MABAYARAN ANG UPA KO NGAYON. PAPAALISIN BA AKO?

Kung hindi ka nakapagbayad ng upa anumang oras mula pa noong Marso 1, 2020, dapat bigyan ka ng iyong landlord ng 15-araw na abiso. Dapat bigyan ka ng 15 araw ng bagong abisong ito upang makapagbayad ng upa o sabihin sa landlord na hindi ka makapagbayad dahil sa COVID-19. Dapat bigyan ka ng iyong landlord ng form na tinatawag na "Pahayag" na may 15-araw na abiso.

Kung hindi mo mabayaran ang iyong upa dahil sa COVID-19, dapat kang lumagda at magbigay ng Pahayag sa iyong landlord. Dapat mong gawin ito sa loob ng 15 regular na araw. Kung gagawin mo ito, hindi ka mapapaalis ng iyong landlord dahil sa hindi mo pagbabayad ng upa sa ngayon.

HINDI AKO MAKAPAG-BAYAD NG UPA KO SA PAGITAN NG MARSO 1, 2020 AT AGOSTO 31, 2020.

Kung hindi ka pa nakapagbayad ng upa sa pagitan ng Marso at Agosto, dapat bigyan ka ng iyong landlord ng bagong 15-araw na abiso.

Hindi ka kailanman mapapaalis para sa upang hindi mo mabayaran sa pagitan ng Marso 1, 2020 at Agosto 31, 2020 kung ikaw ay:

1. Hindi makapagbayad ng upa para sa mga kadahilanan ng COVID-19 AT
2. Lumagda at ibinalik ang form na tinatawag na "Pahayag ng COVID-19 na May Kinalaman sa Kahirapan sa Pananalapi", dapat bigyan ka ng iyong landlord ng palugit na LABINLIMANG ARAW.



I HINDI AKO MAKAPAGBAYAD NG UPA SA PAGITAN NG SETYEMBRE 1, 2020 AT ENERO 31, 2021.

Hindi ka kailanman mapapaalis para sa upang hindi mo mabayaran sa pagitan ng Setyembre 1, 2020 at Enero 31, 2021 kung ikaw ay:

1. Hindi makapagbayad ng upa para sa mga kadahilanan ng COVID-19, AT
2. Lumagda at ibinalik ang form ng pahayag sa tuwing tatanungin ka ng iyong landlord sa loob ng LABINLIMANG ARAW, AT 3. Magbayad ng hindi bababa sa 25% ng iyong upa ng Setyembre - Enero sa Enero 31, 2021.

** Isulat sa iyong tseke sa upa o money order na ang iyong pagbabayad ay para sa kasalukuyang buwan ng upa. Sumulat ng liham sa iyong landlord na kasama rin ang dahilang ito.**



QR CODE PARA
SA PAHAYAG NG



QR CODE PARA SA
SULAT SA UPA



MANGYARING BISITAHIN ANG PARA SA HIGIT PANG IMPORMASYON

PAANO KUNG HINDI AKO MAKAPAGBAYAD NG KAHIT 25% NG AKING UPANG NG SETYEMBRE HANGGANG ENERO SA ENERO 31, 2021?

Dapat mo pa ring lagdaan ang form ng pahayag sa tuwing hihilingin sa iyo ng landlord na gawin iyon. Hindi maaaring mag-file ang iyong landlord ng kaso ng pagpapaalis para sa hindi nabayarang upa hanggang Pebrero 1, 2021 basta't lumagda ka at ibinalik ang form ng pahayag sa loob ng LABINLIMANG ARAW.



MAY BABAYARAN PA BA AKONG UPANG SA AKING LANDLORD PARA SA UPANG HINDI KO MABAYARAN SA PAGITAN NG MARSO 1, 2020 AT ENERO 31, 2021?



Babayaran mo rin ang upang ito sa landlord. Ibig sabihin ay maaari kang idemanda ng landlord sa husgado para sa maliliit na claim o pagkatapos ng Marso 1, 2021 para sa upa. Maaaring bigyan ng husgado para sa maliliit na claim ang iyong landlord ng "paghusga" kung sumang-ayon ang husgadong babayaran mo ang upang hinihingi ng iyong landlord.

NAKATANGGAP AKO NG ABISO SA AGPAPAALIS NGUNIT HINDI SINABI SA AKIN NG LANDLORD KUNG BAKIT NIYA AKO PINAPAALIS.

Ayon sa bagong batas, hindi maaaring paalisin ang nangungupahan nang walang dahilan kung nag-expire ang abiso sa pagitan ng Marso 1, 2020 at Enero 31, 2021. Nangangahulugan ito na ang anumang abiso ng pagpapaalis o abiso ng paglipat ay dapat may dahilan kung bakit gusto kang umalis ng landlord. Kung may abisong nagsasabi sa iyong lumipat, maaari mong sabihin sa amin ngayon kung ang dahilan sa abiso ay ligal.



MAYROON DING IBA PANG PEDERAL, ESTADO, AT MGA LOKAL NA BATAS NA MAAARING MAGPROTEKTA SA IYO.

Tawagan kami para sa libreng ligal na payo. Matutulungan ka namin kung anong mga batas ang nalalapat sa iyo.

I-SCAN ANG QR CODE NA ITO KUNG GUSTO MO NG HIGIT PANG IMPORMASYON TUNGKOL SA MGA PROTEKSYONG ITO

